# 1

Nang mapuno ang tatlong container ng tubig na nasa sidecar ay sumakay na si Lana sa kanyang bisikleta upang paandarin iyon. Ihahatid na niya iyon sa bahay ni Nanay Vicky. Isang round pa at matatapos na siya. Huli na rin ang matanda sa ipag-iigib niya. Elevated ang space ng bilihan ng tubig kung kaya dahan-dahan siya sa pagmaniobra ng sidecar. Nang pababa na siya ay huli na nang makita niyang may mataas at magarang itim na sasakyang paliko rin sa daang tatahakin niya.

Mabuti na lamang at pareho silang nakapagpreno ng driver niyon, kung hindi ay tiyak na sumalpok ang sidecar niya sa sasakyan nito. Sa tindi ng impact ng pagpreno niya ay nahulog ang isang container. Nakaramdam siya ng inis at iritasyon dahil hindi man lang siya nakita ng driver na paliko rin sa may kaliitang daanang iyon papunta sa tahanan ni Nanay Vicky. Ito dapat ang unang nakakita sa kanya.

Bumaba ang driver ng itim na sasakyan at nagulat pa siya nang makitang nakakunot ang noo nito at magkasalubong ang mga kilay. Aba! At mukhang ito pa ang may ganang magalit ng lagay na iyon!

"Miss, sa susunod ayusin mo naman iyong pagba-bike mo. Pa'no kung hindi ako maagap na nakapagpreno, nadisgrasya pa kita? Hindi mo puwedeng basta na lang ihara-hara ang sidecar mo sa ganito kalaking sasakyan," panenermon nito.

Nang makita niyang yumuko ito at akmang kukunin ang nahulog na container ay saka lamang niya nahanap ang boses.

"Hoy, Mister! Ano'ng gagawin mo?" sita niya.

"Obvious ba? Kukunin ko lang ito at ibabalik diyan sa sidecar mo," kunot-noo pa ring turan nito.

"Hep! Huwag na huwag mong hahawakan 'yan!" napikon nang turan niya.

"What?"

"Kung hindi ka ba naman tanga, dapat ay nakita mo akong paliko. Hindi mo ba nakikitang sa mataas ako nanggaling? Kung tumitingin ka sa dinadaanan mo, hindi ka sana dumere-derecho kanina. Aba'y ako pa nga ang dapat na magalit at hindi ikaw dahil kamuntik nang sumalpok itong trike ko diyan sa kotse mo," paninisi niya.

"Aba, Miss, ikaw ang hindi tumitingin sa dinadaanan mo. Dahil nga manggagaling ka sa

medyo mataas na lugar, dapat lang na siguruhin mong walang harang ang dadaanan mo. Huli na nang makita mong may paliko ring sasakyan. Mabuti sana kung sidecar din ang kasalubong mo, walang problema—"

"Aba! Kung hindi ka ba naman talaga walang modo, ako pa itong palalabasin mong may kasalanan! Baka nakakalimutan mo na dayo ka dito at teritoryo ko 'to. Ang lakas ng loob!" di-makapaniwalang turan niya. Hindi siya mainising tao. Katunayan ay subok na ang pasensya niya.

Ngunit ngayon ay mukhang masusubukan nang husto ang pagtitimpi ni Lana. Inaamin niyang ito na ang pinakaguwapo nilalang na nakita niya, pero hindi niya mapalalampas ang kayabangan nito!

"Miss, kung wala akong modo, hindi na sana ako bababa pa ng sasakyan ko para siguruhing okay ka. Tutulungan pa nga kitang buhatin itong container. Iyon ba ang walang modo?" balik nito.

Hindi na siya nakapagpigil pa. Bumaba siya ng bisikleta at hinarap ito. Doon niya natantong matangkad pala ito nang di-hamak sa kanya. Five-six ang taas niya ngunit talagang kailangan pa niyang tumingala rito.

“So, dapat pa pala akong magpasalamat sa ’yo, gan’un?” nakataas-kilay na tugon niya. “At ano ba’ng sinasabi mong kaya ka bumaba, eh, para tiyakin kung okay lang ako? Ganoon ba ang ginawa mo samantalang pagbabang-pagbaba mo r’yan sa buwisit mong sasakyan ay nanermon ka na agad! O, hindi ba’t tama ako? Tabi nga diyan!” aniya, sabay tabig sa kausap at lumapit sa container na nahulog.

Nang akma na niyang bubuhatin ang container ay lumapit ito sa kanya at pilit na kinukuha ang lagayan ng tubig.

“Puwede ba, umalis ka na nga at hayaan mo na ako dito,” asik niya. “Hindi ko kailangan ang tulong mo, okay?”

“Miss, huwag ka nang magpakipot, okay? Mabigat ’yang container na ’yan kaya ako na ang magbabalik sa sidecar mo,” anito.

“Hindi mo na kailangang gawin iyon!” pagtataray niya. Sa pagkakataong iyon ay nakayuko na rin ang lalaki at nagtagpo ang kanilang mga mata.

“Huwag ka nang makulit! Para pareho na tayong makaalis at makapagpatuloy sa mga buhay-buhay natin.” Hinawakan nito ang hawakan ng container. At dahil nakahawak din siya roon ay nagdikit ang

mga kamay nila.

"Puwede ba huwag mong hawakan ang kamay ko!" nagulat na bulalas niya. May kuryente kasi siyang naramdaman nang magdampi ang mga kamay nila kaya wala sa loob na nasabi niya iyon.

"Miss, hindi ko hinahawakan ang kamay mo. Nagkataon lang na pareho tayong nakahawak dito sa container," paglilinaw pa nito sa paraang tila ba nais nitong iparating sa kanya na nag-iilusyon siya kung iniisip niyang gusto nitong hawakan ang kamay niya.

Nag-init ang mukha ni Lana dahil doon. Tila napapasong kaagad siyang bumitaw sa container. Ni walang lumabas na salita mula sa kanyang bibig kahit pa nga abut-abot ang kagustuhan niyang soplahin ang mayabang na lalaki.

Napahiya siya. Nakita niyang binuhat nito ang container at ibinalik sa sidecar niya.

"See? Di mabilis. That proves na hindi totoong wala akong modo. Gentleman ako dahil hindi ko hinayaang magbuhat ka ng mabigat na container." Kumindat pa ito.

Ibinuka niya ang bibig upang magsalita, ngunit wala namang kahit na anong salitang lumabas mula roon. Para bang masyado siyang na-rattle

sa pagkakadampi ng mga kamay nila. Hindi niya maintindihan kung bakit kailangang ganoon ang kanyang maramdaman.

Ito ang kauna-unahang lalaking nakahawak o nakadampi sa kamay niya. *Ano ka ba naman, Lana? Huwag mong sabihing nagka-crush ka pa sa lalaking 'yan?* tanong ng isang bahagi ng isip niya.

"Miss, okay ka lang?" bahagya lamang niyang narinig na tanong nito. "Miss? Miss!" malakas na pukaw nito sa atensyon niya.

"H-ha?" nabiglang bulalas niya.

Nakita niyang napangisi na naman ito. "I understand, don't worry," anito habang nakapagkit ang malawak na ngiti sa mga labi.

"Ang alin?" takang tanong niya.

"Iyong reaksyon mo," nakangisi pa ring tugon nito. "Normal na lang sa akin iyong mga ganyan. Hindi talaga nagkamali ang nanay ko nang sabihin niyang napakaguwapo ko talaga."

"Aba't...!" Hindi siya makapaniwala sa kahambugan ng lalaking kaharap.

"I have to go, *mi amore*. But I have a feeling we'll meet again. *Adios*!" Bago pa siya nakahuma

ay nahalikan na nito ang dalawang kamay niya. Yumukod pa ito na parang sira-ulo bago sumakay sa kotse nito.

Nawala na sa paningin niya ang kotse ng lalaki ay nakatulala pa rin si Lana sa kinatatayuan.

# 2

Noong labindalawang taon pa lamang si Lana ay paunti-unting siyang ipinag-assemble ng bike ng kanyang Tiyo Ramil. Namamasada rin ito noon ng pedicab kapag hindi ito nagmamaneho ng inuupahang jeep. Fourteen years old siya nang mamatay ito. Nabangga ang minamaneho nitong jeep at hindi na ito umabot nang buhay sa ospital.

Si Tiya Mercedes ang mag-isang nagpalaki at nagpaaral sa kanya hanggang high school sa pamamagitan ng pagtanggap nito ng labahin at plantsahin. Ang totoo, hindi naman niya kaanu-ano ang mag-asawa. Kaibigan ni Tiya Mercedes ang nanay niya. Iniwan siya ng babae dahil pupunta ito ng Japan upang magtrabaho. Tatlong taon pa lamang siya noon. Magpapadala na lamang daw ito ng sustento para sa kanya. Ngunit mula nang umalis ito ay wala nang nabalitaan pa ang tiyahin dito.

Ganoonpaman, itinuring siyang parang tunay na anak ng mag-asawa. Hindi kasi pinalad na magkaroon ng anak ang mga ito. Kaya naman ginagawa niya ang lahat ng kanyang makakaya upang maiangat ang kabuhayan nila ng itinuturing na rin niyang ina.

Hindi siya titigil hangga't hindi sila nakakaahon. Hindi niya alintana ang hirap at pagod. Kahit mahirap ay pinagsabay niya ang pagtatrabaho at pag-aaral. Pagkatapos ng semester na ito ay fourth year college na siya sa kursong Computer Science sa isang computer school di-kalayuan sa kanila. Nagawa niyang makapag-aral sa kolehiyo dahil sa scholarship mula sa mayor nila lalo na't siya ang nagtamo ng pinakamataas na karangalan pagka-graduate sa high school. Ngunit hindi siya kaagad nakapasok sa kolehiyo. Kinailangan niyang huminto ng dalawang taon nang magkasakit si Tiya Mercedes.

Nang makapag-aral ulit siya, sa gabi lamang niyang nagagawa iyon at hindi pa full load. Sa nangyari, sa edad na beinte-tres ay patuntong pa lang siya sa huling taon niya sa kolehiyo.

Sa kabila ng sobrang kahirapan ay hindi niya naiisip na sumuko. Alam niya, darating ang araw na magtatagumpay rin siya.

---

Dama ng dalaga ang bahagyang panginginig ng katawan dahil sa engkuwentro nila ng hambog na lalaki. Gusto niyang magalit sa sarili dahil natulala siya sa harap nito.

Hindi naman niya maitatangging talagang guwapo ito. Sa kabila ng kayabangan nito ay hindi niya maiwasang humanga rito.

Ibang klase talaga ang mayayaman. Porque mapera ay maaari na nilang gawin anuman ang gustuhin nila.

*Hmph! Huwag na huwag ko lang makaharap ulit ang lalaking 'yon! Tatamaan na talaga siya sa akin!* nanggigigil na naisip niya. Nagawa pa nitong kumindat sa kanya pagkatapos ng ginawa nito!

*At magawa mo naman kaya 'yan, ha, Lana?* singit ng isang bahagi ng isip niya. *Aba'y baka matulala ka na naman ulit kapag nakaharap mo ang lalaking iyon!*

*Hindi na mangyayari iyon!*

Dahil sa nangyari ay saglit muna siyang nagpalipas ng oras sa tapat ng tindahan ni Aling Goreng. Bumili siya ng malamig na malamig na soft drink upang payapain ang sarili. Hinintay muna niyang bumalik sa normal ang tibok ng kanyang puso.

Ang totoo ay kinabahan din si Lana. Ang akala talaga niya ay sasalpok na ang sidecar niya sa paliko ring kotse ng lalaki. Matapos masimot ang laman ng bote ay umalis na siya sa tindahan upang ihatid kay Nanay Vicky ang mga naigiban niyang container.

Dahan-dahan lamang siya sa pagpapatakbo ng sidecar dahil bukod sa mabigat ang containers ay ayaw na niyang maulit pa ang nangyari kanina. Naging extra-alert siya sa makakasalubong na mga sasakyan.

Nakahinga siya nang maluwag nang makarating sa destinasyon. Ngunit ganoon na lamang ang gulat niya nang makitang nakaparada sa loob ng maliit na bakuran ni Nanay Vicky… ang magarang sasakyan ng hambog na lalaking nakaharap niya kanina!

Kung gayon ay ang matanda pala ang sadya ng estranghero. Hindi siya nagkamali sa isiping dayo ang mayabang na lalaking iyon sa lugar nila. Kilala kasi niya sa mukha ang lahat ng mga taga-roon sa kanila. At ngayon lamang talaga niya nakita ang mukha ng kumag.

Nakakunot-noong ipinasok niya ang sidecar sa loob ng bakuran ni Nanay Vicky. Nagmukhang napakaliit at kaawa-awa iyon nang mapatabi sa magarang sasakyan.

*Kaanu-ano naman kaya ni Nanay Vicky ang hambog na iyon?* takang tanong niya sa isip.

"Ate Lana," narinig niyang tawag ni Nonoy, ang apo ni Nanay Vicky. "Nariyan ka na pala," nakangiting

bati nito. "Lola, nandito na si Ate Lana," anunsyo nito kay Nanay Vicky.

Dalawa na lamang na nakatira sa munting tahanan na iyon—sina Nanay Vicky at Nonoy. Ulila na kasi ang quince años na binatilyo kaya ang lola na lamang nito ang gumagabay rito.

Bumaba siya mula sa bike habang lumapit naman sa kanya si Nonoy. Ito ang nagbubuhat ng mga containers papasok sa loob ng bahay. Nakita niyang lumabas ng tahanan ang abuela nito.

Ngumiti siya. "'Nay Vicky, may—" Nabitin ang sasabihin niya sa matanda nang bumungad din sa pinto ang lalaking iyon na kanina lamang ay mayabang na nanermon sa kanya. "Ikaw?" gulat na bulalas niya.

Nakita niyang sumilay ang malawak na ngiti sa mga labi ni Mr. Hambog. Mukhang malapit ito kay Nanay Vicky.

"So, we meet again," ngiting-ngiting turan nito.

Kung hindi lamang kaharap ang maglola ay iningusan na niya ang lalaki at kanina pa tinalikuran.

Nakita niyang napatingin si Nanay Vicky sa lalaki pagkatapos ay bumaling sa kanya, bago muling

ibinalik ang atensyon sa bisita.

"Magkakilala na kayo ni Lana, Trent?" tanong nito sa lalaki.

*So, Trent pala ang pangalan ng buwisit,* sa loob-loob ng dalaga. Pangalan pa lang ay tunog mayaman at sosyal na. *Kaanu-ano kaya ito ni Nanay Vicky?* curious na tanong niya sa isip.

"So, it's Lana," nakangising tugon ni Trent kasabay ng pagtangu-tango habang nakatingin sa kanya. "Babaeng-babae sa pangalan pero kung makaasta ay parang palengkera," anito na ikinasalubong ng dalawang kilay niya.

Pinigil niyang magalit. Nang mapatingin siya kay Nonoy ay nahuli niya napapangiti rin ito. Kaagad nitong pinalis ang ngiti nang mag-angat siya ng kilay.

"Tama ho kayo, 'Nay," narinig niyang turan ni Trent sa matanda. "Nagkakilala na nga ho kami ni Lana. Kamuntik lang naman ho niyang banggain ang sasakyan ko."

Nanlaki ang kanyang mga mata at nagpanting ang tainga niya nang marinig ang sinabi nito. Palabasin bang siya talaga ang may kasalanan sa nangyari! Aba'y kung hindi ba naman talaga ito hambog!

"Hoy, Mister! Hindi ako ang may kasalanan sa nangyari. *Ikaw* itong hindi tumitingin sa dinaraanan mo," inis na turan niya. Nakalimutan na niyang kaharap ang maglola. "Palibhasa napakalakas ng loob mo dahil magara at malaki 'yang sasakyan mo. Kaliit-liit ng daanan akala mo kung sino ka kung magmaneho. Nakalimutan mo yata na kailangan mo munang siguraduhing wala kang makakasalubong kung liliko ka!"

"Lana, aminin mo na kasing hindi mo nakita ang pagdating ko dahil nakatuon ang pansin mo sa pagbuwelo pababa sa lugar kung saan ka galing. Ikaw ang nagkulang at hindi ako," tila nang-iinis pang katuwiran nito.

"Aba't—"

"Hep, hep!" narinig nilang awat ni Nanay Vicky. "Tama na, mga anak," nangingiting turan nito. Bumaling ito sa dalaga. "Hindi ko alam na nagkita na pala kayo nitong si Trent, Lana. Pagpasensyahan mo na ang batang ito dahil likas na pilyo at palabiro. Hala, Trent, humingi ka ng paumanhin kay Lana," utos nito sa lalaki.

Taas-noo siyang tumingin kay Trent.

"'Nay, siya ho ang hindi tumitingin sa dinaraanan

niya, bakit ho ako ang hihingi ng sorry sa kanya?" parang batang reklamo nito sa matanda. Tila hindi naman ito seryoso sa pagrereklamo. Para pa nga itong natatawa.

Inis na tumalim ang tingin niya rito.

"Kahit na, Hijo," ani Nanay Vicky. "Kahit na sino pa ang may kasalanan, ikaw pa rin ang lalaki. Ikaw ang dapat na nagpapasensya kaya humingi ka ng paumanhin kay Lana."

Tumingin sa kanya ang lalaki. "Miss Lana," tawag nito na ikinainis niya. Alam niyang inaasar siya nito. "Pasensya na kayo sa nangyari kanina. Kahit na naninindigan ako na hindi ako ang may kasalanan ay humihingi pa rin ako ng paumanhin sa 'yo. Dahil katulad ng sinabi ko sa 'yo kanina, I'm a true gentleman," anitong lumapit at inilahad ang kamay sa kanya.

Hindi malaman ni Lana kung tatanggapin ba o hindi ang nakalahad na kamay ng binata. Bigla kasi niyang naalala na ang pagdadampi ng kanilang mga kamay kanina ang dahilan kung bakit siya biglang natulala. Natatakot siyang baka maramdaman ulit niya ang tila kuryenteng dumaloy sa kanyang katawan kapag tinanggap niya ang pakikipagkamay nito.

Hindi na lamang siya nakipagkamay rito. "Kung sincere ka sa paghingi ng paumanhin, okay na iyon. Kalimutan na natin iyon," paimbabaw na turan niya.

Ginawa niya iyon para kay Nanay Vicky na alam niyang nakatingin sa kanila.

"So, okay na tayo?" ani Trent habang pinipigilan ang pagngisi.

Nakita niya iyon. Halatang-halata na hindi ito sincere sa paghingi ng sorry sa kanya!

"Oo, kalimutan na natin iyon…" Sinadya niyang pagtaasan ito ng kilay. "Hambog," mahina ngunit madiing dugtong niya, sabay dila rito.

Malakas na napatawa si Nonoy na nakasaksi ng ginawa niya. Kitang-kita niya ang pagkabigla sa mukha ni Trent. Ngunit saglit lamang iyon dahil muli itong ngumisi.

"Oh, 'Noy, bakit ka natatawa diyan?" narinig nilang tanong ni Nanay Vicky sa apo.

"Wala ho, 'La," ani Nonoy.

Lumapit sa kanila ang matanda kaya ang nakasimangot niyang mukha ay kanyang pinasigla.

"Trent, Anak, mabait at napakasipag na bata

nitong si Lana. Nakatira siya di-kalayuan dito. Siya ang nagrarasyon ng tubig sa amin. Working student siya," pagpapakilala nito.

Dahil sa mga papuri, nakaramdam ng hiya ang dalaga kay Trent. Kulang na lang ay ikuwento ni Nanay Vicky sa lalaki ang talambuhay niya. Ni hindi siya makatingin dito, ayaw niyang makitang nakangisi na naman ito.

"Mabibilang sa daliri ang mga batang katulad ni Lana, Trent. Napakapalad talaga ni Mercedes sa kanya…" dugtong pa ni Nanay Vicky.

Nang ngitian siya ng matanda ay kiming ngiti ang iginanti niya rito. Hindi pa rin niya sinubukang tumingin sa binata.

"Lana, ito naman si Trent. Siya ang alaga ko. Siya ang—"

"Pamangkin," narinig niyang singit ni Trent. "Pamangkin ako ni Nanay Vicky," anito, sabay ngiti sa dating yaya. Nakita niya ang rumehistrong pagtataka sa mukha ni Nanay Vicky. Inakbayan ito ng binata at tumingin sa kanya. "Nandito ako para magbakasyon. D-driver ako ng isang… mayamang pamilya. Nasa abroad iyong amo ko kaya… kaya nakapagbakasyon ako," nakangiting turan nito habang nakatingin sa

kanya.

# 3

Hindi maiwasan ni Lana ang pagtaas ng kilay. Driver lang ang Trent na iyon ay parang kung sino na kung umasta! Hindi naman pala ito ang may-ari ng magarang sasakyan na iyon, ngunit kung umakto ay parang amo at hindi dakilang driver!

Pauwi na siya ay hindi pa rin maalis-alis sa isip niya ang lalaking iyon.

Hindi talaga siya makapaniwala sa sinabi ito. Ang guwapong iyon, driver ng isang mayamang pamilya? Kahit sa simpleng kupas na maong pants at itim na t-shirt ay mukha itong mayaman. Pati paraan ng pagsasalita, parang mayaman din.

May driver bang Inglesero?

At pamangkin daw ito ni Nanay Vicky! Hay naku! Bakit ba niya pinag-aaksayahan ng panahon ang Trent na iyon? Sabihin nang nakakatuwang pagmasdan ang mga mata nitong singkit pati na ang mapupula nitong labi! Pero nuncang humanga siya sa katulad nitong hindi marunong tumuntong sa lupa!

Nang makarating siya sa bahay nila ay naikuwento pa niya sa tiyahin ang tungkol sa hambog na

pamangkin ni Nanay Vicky.

---

“Tiyang, almusal na po tayo!” masayang tawag ni Lana habang papasok sa loob ng bahay. “May dala ho akong paborito ninyong lugaw, ang specialty ni Nanay Reming! May itlog at tokwa pa.” May kasama iyong sawsawan na pinagsamang suka at toyo na hinaluan ng asukal.

Nadatnan niyang nagtitiklop ng nilabhang mga damit nila si Tiya Mercedes. Siya na ang naghanda ng pagkain nila sa mesa.

“Aba! Talagang wala nang tatalo pa sa lugaw ni Reming,” sabi nito. Halos bawat kanto sa lugar nila ay may nagtitinda ng lugaw.

Habang kumakain ay pinagmasdan niya ang tiyahin. May-edad na ito. Gusto niya ay mapagsilbihan ito nang lubos dahil inaruga siya nito at minahal na parang tunay na anak. Hindi man niya nakilala ang tunay niyang ama at ina ay pinunan nina Tiya Mercedes at Tiyo Ramil ang responsibilidad na dapat ay sa mga magulang niya.

“Tiyang,” masuyong tawag niya.

“Ano iyon?” anito pagkatapos sumubo ng lugaw.

“Salamat ho.”

“Aba’y saan?” kunot ang noong tanong nito.

“Sa lahat-lahat ho,” simpleng tugon niya.

“Asus! Itong batang ito, oo. Kumain ka nang kumain.” Hinaplos nito ang kanyang buhok.

Sa kabila ng lahat ay talagang napakapalad pa rin ni Lana. May Tiya Mercedes siyang kasama niya sa pagharap sa minsan ay malupit na mundo.

Pagkatapos mag-almusal ay naligo siya at nagbihis upang para sa shift niya sa *Burger Machine*. Nasa backpack naman niya ang pamalit na damit. Pagdating ng alas cuatro na siyang off-duty niya ay papasok naman siya sa eskuwela. Araw-araw ay ganoon ang routine niya.

Dahil sa trabaho at pag-aaral ay hindi siya nag-e-entertain ng manliligaw. Si Carding na nakatira rin sa lugar nila ang pinakamatiyaga sa mga nanunuyo sa kanya.

Matanda ito sa kanya ng dalawang taon. Tapos ito ng vocational course at ngayon ay katulong ng ama sa pamamalakad ng talyer ng mga ito.

Mabait at responsable ang binata. Wala siyang masasabi rito. Ngunit ipinagpauna na niyang wala pa

siyang balak na pumasok sa isang relasyon. Kaibigan lamang talaga ang turing niya rito.

---

Hindi maiwasang mapangiti si Trent sa tuwing maaalala ang galit na mukha ng pinakamatapang na yatang babaeng nakilala niya. Kasalukuyan siyang nagpapahinga sa duyan sa lilim ng punong mangga sa bakuran ni Nanay Vicky. Ang duyan ay regalo pa niya sa dating yaya.

Si Nanay Vicky ang tagapag-alaga niya noong maliit pa siya hanggang sa tumuntong siya ng kolehiyo. Graduating na siya noon sa kolehiyo nang magpaalam itong magreretiro na upang makasama ang esposo nitong maysakit. Lingguhan lamang kung umuwi noon ang matanda. Nang magkasakit ang asawa nito ay umalis ito sa kanila upang maalagaan ang lalaki.

Sila ang sumagot sa pagpapagamot ng asawa nito sa sakit na cancer of the lungs, ngunit pagkaraan ng isa't kalahating taon ay pumanaw na rin ang matandang lalaki. And three years ago, namatay rin sa isang aksidente ang nag-iisa nitong anak na babae kasama ang asawa nito. Nabangga ang sinasakyang jeep ng mag-asawa at bago pa nadala sa ospital ay namatay na ang mga ito.

Si Nonoy na anak ng mga ito ay naiwan sa pangangalaga ni Nanay Vicky. Hindi naman nagkulang ang pamilya ni Trent sa itinuturing niyang pangalawang ina. Sagot ng pamilya niya ang allowance nina Nanay Vicky at Nonoy. Kahit umalis na sa paninilbihan sa kanila ang matandang babae ay patuloy pa rin ang suweldo nito bilang tulong at pasasalamat na rin sa mga taong ipinaglingkod nito sa kanila lalung-lalo na sa pag-aalaga sa kanya. Pati na ang pag-aaral ni Nonoy hanggang kolehiyo ay sagot ng kanyang pamilya.

Kahit noong kumuha siya ng master's degree sa Amerika ay hindi siya nawalan ng komunikasyon kay Nanay Vicky. At ito nga kaagad ang unang-unang pumasok sa isip niya nang kinailangan muna niyang magpalamig at magbakasyon.

Napahinga siya nang malalim. Noong isang araw lamang ay hindi niya inaasahan na madadalaw siya sa lugar na iyon. Nanumbalik sa isip niya ang pag-uusap nilang mag-ina…

# 4

"Tapatin mo nga ako, Trent; totoo ba ang sinasabi ng Pinky na iyon na ikaw ang ama ng ipinagbubuntis niya?"

Puno ng pag-aalala ang mukha ni Mrs. Terina Vasquez nang umuwi ang binata sa bahay nila upang dumalaw. Hindi na siya nakatira roon. May sarili siyang condo unit at doon siya tumutuloy.

Mukhang tinotoo na ni Pinky ang banta na hindi siya titigilan hangga't hindi siya nakukuha. Ang akala niya ay hanggang pagbabanta lamang ang kayang gawin ng babae. Ngunit nang malamang pinuntahan nito ang kanyang ina at sinabi ang kalagayan, naipalagay ni Trent na seryoso ito.

Pinky had been one of his many flings. Ang ipinagkaiba lang nito sa mga babaeng nakarelasyon na niya—napakahirap nitong dispatsahin. Ang akala niya ay nagkaintindihan na sila sa simula pa lamang.

Hindi siya tanga para ikulong ang sarili sa isang relasyon na sasaklaw sa kanyang kalayaan. He wanted to enjoy life.

He was attracted to Pinky. Maganda ito at sexy.

Nang magpakita ito ng interes ay kaagad niyang sinunggaban. Agresibo at liberal ang babae. Ang tulad nitong *game* ay hindi niya inaasahang magde-demand ng commitment. He made it clear to her that he was not in for a serious relationship. And she agreed.

Kung totoo mang buntis ito, Trent was a hundred percent sure na hindi siya ang ama. He had always been extra careful. Ayaw niyang may lalabas na bastardo sa mundo nang dahil sa kanya.

Kagagaling lamang niya sa Mexico for a car racing competition. Pagbalik niya ay sinalubong siya ni Pinky ng ganoong balita. Hindi siya gago para paniwalaan ang mga palabas nito.

Nabibilang din sa isang mayamang pamilya si Pinky. She was educated and sophisticated. Hindi niya inakalang pabababain nito nang ganoon ang sarili. Two days ago ay sinadya siya nito sa kanyang opisina para sabihing buntis ito. Of course he didn't believe her.

Wala raw siyang magagawa kundi ang panagutan ang dinadala nito. Nagbanta ang babae na ibubulgar na *siya* ang ama ng ipinagbubuntis nito. Tiyak daw na hindi iyon magugustuhan ng kanyang papa. Their family was well-known in their circle. Isang sikat na doktor ang kanyang ama at may-ari ng isang

pribadong ospital. Business tycoon naman ang papa ni Pinky katulad ng kanyang lolo.

Malalagay raw sa kahihiyan ang pangalan nila kapag tinakbuhan niya ang pananagutan dito. He just laughed at her threats. Hindi siya ang klase ng tao na nagpapaapekto sa sasabihin ng iba. Kilala niya ang sarili. Tapos.

But he couldn't say the same about his father. Pinahahalagahan nito ang pangalan at reputasyon ng kanilang pamilya. Natitiyak niyang ang panibagong issue na ito ay ikagagalit ng kanyang ama. Honestly, hindi niya gustong madamay ang mga magulang sa palabas ng babaeng iyon.

"Trent, sagutin mo ako," narinig niyang untag ng ina. Nakabadha ang pag-aalala sa maganda nitong mukha. Kahit may-edad na ang kanyang ina ay kitang-kita pa rin ang ganda nito. "Pinagbibigyan ko ang mga kalokohan mo, Trent. Ako ang sumasangga sa galit ng papa mo. Pero hindi ko mapapalampas ang ganito. Ang makabuntis ka ay ibang usapan na."

"Good morning, Mama. How have you been, hmm?" nakangiting bati niya. Niyakap niya ito at hinalikan sa noo. "You haven't seen me for two weeks, didn't you even miss me?"

Kapag alam niyang magsisimula na itong magsermon ay palagi niyang dinadaan sa paglalambing ang lahat.

Tumayo ang ginang at namaywang. “Tigilan mo akong bata ka,” anito nang makaupo siya sa mahabang sofa sa veranda ng bahay nila. “Hindi mo ako madadaan sa ganyan sa pagkakataong ito, Trent. This is a serious matter. Now, tell me, totoo ba ang sinabi ng Pinky Lozada na iyon?”

“Ma, of course not!” mariing pagtanggi niya.

“Pero ikaw raw ang ama ng dinadala niya at ayaw mong panagutan iyon. Mapapatay ka ng papa mo, Trent.”

Mula nang hindi niya sundin ang kagustuhan ng kanyang papa na maging doktor tulad nito at tumulong sa pamamahala ng private hospital na pag-aari ng kanilang pamilya ay halos hindi na siya kibuin nito. Mas pinili niyang kumuha ng business course dahil negosyo ang hilig niya.

Pagka-graduate sa college ay kumuha pa siya ng master’s degree sa Amerika na sinagot ng kanyang Lolo Amorsolo, ang ama ng kanyang ina. Ang matandang lalaki ay isang businessman na nakapagpatayo ng chain of restaurants sa Pilipinas

na ngayon ay pinamamamahalaan ng kanyang mama at ng bunsong kapatid nito.

Ngayon ay nagretiro na ang kanyang abuelo at sa San Francisco na nakatira. Nakapagpatayo rin ito ng restaurant doon katulong ang panganay na kapatid ng kanyang mama na si Tito Peter. Marahil ay nakuha niya sa side ng ina ang hilig sa pagbi-business.

Matapos makapag-aral ay pinahiram siya ni Lolo Amorsolo ng puhunan para sa gusto niyang negosyo: automobile trade. Nasa buy and sell siya ng iba't ibang klase ng sasakyan, partikular na ng mga race cars. Sa ngayon, hindi na rin nakakahiyang ipakita ang naipundar sa kanyang papa bilang patunay na hindi siya nagkamali sa piniling karera.

Iyon nga lang, alam niyang may tampo pa rin sa kanya si Dr. Vasquez dahil pinangarap talaga nitong magkaroon ng anak na doktor.

Kapag nakarating sa kaalaman nito ang tungkol sa kalagayan ni Pinky ay tiyak na aani na naman siya ng galit dito. Malamang ay ipilit pa nitong pakasalan niya ang babae.

"Ma, kung buntis man si Pinky, natitiyak ko na hindi ako ang ama ng bata," relaxed na relaxed na tugon niya.

"But you did *it* with her, didn't you?"

Natawa siya nang malakas. "Ma, lalaki ang anak ninyo. Kapag palay na ang lumalapit sa manok, mahirap namang hindi tayo tumuka, di ba? Baka masabihan tayong bakla niyan. Mahirap na," pilyong biro niya.

"Puro ka kalokohan, Trent, ha! Seryosong bagay ang pinag-uusapan natin pero nagagawa mo pang magbiro," hysterical na hayag ng ina.

"Ma, easy ka lang," aniya. Tumayo siya at lumapit sa ina, saka inakbayan ito. "Ma, I assure you, *hindi* ako ang ama ng dinadala ni Pinky. I don't know why she's doing this. Siguro ayaw siyang panagutan ng totoong ama ng bata kaya ipinaaako niya sa akin. Maybe she *isn't* really pregnant. So, relax."

"How can you be so sure when you had an intimate relationship with her?"

"Ma, I am always careful," simpleng tugon aniya.

Namilog ang mga  mata nito. "Trent!"

"It's true. Besides, gusto mo bang pakasalan ko si Pinky?" Tinitigan niya ang ina upang makita ang reaksyon nito.

"Huwag mo nga akong biruin ng ganyan, Trent!"

mabilis na sawata nito. “Kung magdadala ka rin lang naman ng babae sa pamamahay na ito para ipakilalang magiging asawa mo, aba’y mamili ka naman. That Pinky might belong to a rich family, pero hindi siya ang pinangarap kong maging esposa mong bata ka.” Sinapo pa nito ng dalawang kamay ang ulo na para bang sasakit iyon. “Diyos ko! Hindi ko gustong manamit ang babaeng iyon... parang prostitute.

“She claimed to be pregnant but she smoked in front of me! Nagulat nga nang sabihin kong makakasama iyon sa bata….” Hinawakan nito ang magkabilang pisngi ng anak. “Trent, please, tigilan mo na ang kapilyuhan mo. Find a decent woman. I don’t care kung mayaman o hindi. Ang mahalaga, mabuti siyang babae at mahal mo. Magiging masaya na ako kapag nangyari iyon, Hijo.”

Gusto niyang matawa sa narinig. His mother had always been overly romantic. Ni hindi niya ma-imagine ang sariling umiibig sa isang babae. In this day and age, he found it hard to believe that real love still exists.

Someday, he would find a wife that would suit him and who could give him heirs. Hanggang doon na lang iyon. He couldn’t see himself head over heels

in love with a woman.

"See? You don't want me to marry Pinky—" hirit niya.

"Pero *kung* ikaw nga ang ama ng dinadala niya, dapat ay mapag-usapan ang—"

"Ma, huwag na kayong mag-alala pa. Kapag hindi na ako nakita pa ni Pinky ay magsasawa rin iyon."

"What do you mean? Magtatago ka?" kunot-noong tanong nito.

"Let's just say na magbabakasyon muna ako," kampanteng sagot niya. "Babalik ako kapag malamig na ang lahat."

"At saan naman ang lugar na tinutukoy mo? And do you think *running* is a wise idea?"

"Ma, I'm not irresponsible. Kung ako ang ama ng dinadala ni Pinky, makikipag-usap ako sa kanya to settle things. Pero alam ko nga na hindi akin iyon, Ma. She's going out with other men, too—"

Nanlaki ang mga mata ni Mrs. Vasquez sa kabiglaan. "*Que horror,* Trent! Bakit ka pumapatol sa gan'ung uri ng babae? Ngayon ay kailangan mo pang magtago!"

"Ma, nandiyan na 'yan. Huwag ninyo na lang pansinin dahil sasakit lang ulo ninyo. Leave it to me. Kapag hindi na nila ako nakita pa, wala nang guguluhin si Pinky. She would realize na hindi ako tanga na basta na lang niya mauuto. End of story. Lalamig din ang lahat lalo pa't alam ko at alam ni Pinky na *hindi* ako ang ama ng dinadala niya."

"And where will you go?"

"D'yan lang, Ma. Mabuti na iyong hindi ninyo rin alam para hindi na kayo makapagsinungaling kapag hindi pa rin tumigil si Pinky."

Bumuntong-hiningan ito. "And your father? Tiyak na magagalit siya, Trent. Ikaw talagang bata ka, kung anu-anong gulo ang pinapasok mo," anito na dinuro pa siya sa ulo.

"Kayo na ang bahala sa Papa. I know you can handle him," lambing ng binata.

"*Por Dios,* Trent! Hindi ko alam kung kanino ka nagmana!" wala nang magawang bulalas ng ina.

"Ma, hindi pa ako nag-aalmusal. Pakainin ninyo naman ang nag-iisa ninyong anak," ngiting-ngiting turan niya.

"Naku, bata ka! Kaisa-isa kitang anak pero

pakiramdam ko ay daig ko pa ang may anak na sampu dahil sa kapilyuhan mo!"

Inakay na lamang ni Trent ang ina patungo sa komedor.

Hindi pa ipinapanganak ang babaeng sisilo sa kanya. Trent knew Pinky wasn't telling the truth. Magpapalipas muna siya nang ilang araw kina Nanay Vicky. His manager could take over the shop for a while. Malayo pa sa pagkalugi ang kompanya niya.

Tamang-tama ang lugar na nasa isip niya. Madadalaw pa niya ang dating yaya na matagal-tagal na rin niyang hindi nakikita.

# 5

"Alam kong hindi lamang ang pagdalaw mo sa akin ang dahilan kung bakit magtatagal ka dito, Trent. Kilang-kilala kitang bata ka. Alam kong may iba pang dahilan…"

Iyon ang sinabi ni Nanay Vicky nang sabihin ng binata na mamamalagi muna siya sa bahay nito upang makasama ito nang matagal. Kaya ipinagtapat na rin niya rito ang tungkol kay Pinky. Katakut-takot na sermon din ang inabot niya sa dating yaya.

To make himself useful sa munting tahanan ng matandang babae, naisip niyang magpalagay ng linya ng tubig para hindi na kailangan pang bumili ng mga ito. Ngunit nang maisip din na baka hindi na niya makita pang muli si Lana kapag ginawa iyon ay nagpasya siyang ipagpaliban na muna ang balak.

For the meantime, tutulong muna siya kay Lana sa pag-iigib ng tubig.

Pagkaalis ni Lana ay nagsimula nang magkuwento si Nanay Vicky tungkol dito. Marami siyang nalaman tungkol sa babae. At lihim na napahanga siya rito.

Naalala ng binata ang kanilang unang pagtatagpo.

Hindi man maayos ang pagkakatali ng mahabang buhok ni Lana ay hindi pa rin iyon nakabawas sa angkin nitong ganda. At tila hindi alam ng dalaga ang pang-akit na angkin nito.

Ito rin ang kauna-unahang babaeng nakilala niya na hindi nagpa-cute sa kanya. Karaniwan na sa mga babaeng nakikilala ni Trent ay nagpaparamdam kaagad ng pagkagusto sa kanya. Hindi niya maiwasang isipin kung minsan na dahil iyon sa kilala ang pamilya niya sa mataas na lipunan.

Isa rin iyon marahil sa dahilan kung bakit hindi siya naniniwalang makakatagpo siya ng babaeng tunay niyang mamahalin at magmamahal sa kanya. Dahil sa mundong ginagalawan niya, mahirap malaman kung sino ang totoo at kung sino ang huwad.

Hindi niya maintindihan ang sarili kung bakit tinagalan pa niya ang pakikipag-usap dito. Puwedeng kinuha na lamang niya ang nahulog na container mula sa sidecar nito, humingi ng paumanhin at umalis na.

Inaamin niyang sinadya niya ang ginawang panenermon at pang-iinis kay Lana.

Napakaganda pala ng dalaga sa malapitan. He

couldn't remember a time when he actually loved looking at a particular woman. Not until he saw Lana. She wasn't glamorous and sophisticated. She was not wearing fancy clothes. There was not even a trace of makeup on her face.

At iyon ang dahilan kung bakit nakuha nito ang kanyang atensyon. She was different. Ito ang tipo ng babae na tila walang pakialam sa hitsura nito. At sa halip na magpa-charming at magpa-cute ay tinarayan pa siya nito.

She wasn't intimidated by him. Hindi ito nangiming lumaban dahil alam nitong may puntos ito. Nang muli itong makita at malamang kilala pala ito ni Nanay Vicky ay napuno ng tuwa ang dibdib niya. Deep inside, he had wanted to see her again.

Ang magpakilalang driver na pamangkin ni Nanay Vicky ay hindi niya pinagplanuhan. Siya mismo ay nagulat sa nabitawang salita. May kung anong malakas na puwersang nag-udyok sa kanya na kilalanin si Lana. Naisip niyang mahihirapan siyang gawin iyon kung malaman nitong mayaman siya.

He wanted to know Lana. The real Lana. At alam niyang ang pumantay sa kalagayan nito ang tanging paraan upang magawa niya iyon.

Sa ganoong paraan ay hindi maiilang ang dalaga na makipag-usap sa kanya. Hindi ito magdadalawang-isip na sabihin kung ano ang tingin nito sa kanya. Mas madali siyang makakalapit dito kapag ang alam nito ay pareho lamang sila ng katayuan sa buhay.

Trent refused to admit that what he felt for Lana was love at first sight. He didn't believe in love. He liked Lana, and he was curious about her. Iyon lang.

Sinabi niya kina Nanay Vicky at Nonoy na gusto niyang makilala siya ng mga taga-roon bilang 'pamangkin' ng matandang babae upang hindi maging iba ang trato sa kanya. Hindi niya binanggit ang mas malaki niyang dahilan. At iyon ay si Lana.

Muli siyang napangiti nang maisip ang mga susunod pa nilang engkuwentro. Hindi siya naniniwalang hindi uubra ang karisma niya sa mataray at matapang na dalaga. He would bet, bago siya umalis sa lugar na iyon ay napaamo na niya ito.

He saw Lana as a challenge. Ngayon pa lamang siya nakakita ng katulad nito. No doubt, it would be an interesting vacation.

---

"Lana, uminom ka muna ng kape bago ka pumasada," ani Tiya Mercedes paglabas ng dalaga

mula sa kanyang maliit na silid. Mag-a-alas-cuatro pa lamang iyon ng umaga. Iyon ang oras ng pasada niya dahil iilan lamang ang masipag na pumapasada ng pedicab sa ganoong kaagang oras.

Ang mga pasahero niya ay mga estudyanteng maagang bumibiyahe patungo sa eskuwelahan at mga nagtatrabaho na malayo sa lugar nila sa Malanday, Valenzuela.

"Para mainitan ang sikmura mo at hindi ka pasukan ng lamig," anang matanda nang makaupo na siya sa silya. "Mamaya ka na lang kumain ng almusal pagbalik—" Hindi nito natapos ang sasabihin dahil inubo na ito.

"Uminom na ho ba kayo ng gamot, Tiyang?" nag-aalalang tanong ni Lana habang hinahagod ang likod nito. "Inuubo na naman kayo. Sinabi ko na ho kasing huwag na kayong tumanggap ng labada at ako na ang bahala sa atin."

Napagkasunduan na nila ng tiyahin na hindi na ito tatanggap pa ng labada. Pero noong isang araw ay tumanggap ito ng labahin nang lingid sa kanyang kaalaman. Nalaman niya lamang dahil siya ang naghatid ng mga damit na nilabhan nito. Sumama na kasi ang pakiramdam nito at hindi na naihatid pa iyon.

"Sayang din iyong kita. Sinamantala ko na kasi si Hilda naman ang nagpalaba. Kadarating lang ng anak niya galing Japan kaya tiyak na dadagdagan niya ang bayad," rason nito.

"Tiyang, kahit na ho. Alam naman ninyong mahina na ang pulmon ninyo. Baka natuyuan pa kayo ng pawis," aniya habang patuloy sa paghagod sa likod ng matanda. "At napagod kayo nang husto sa paglalaba. Kung iyong konting kikitain ninyo ay magiging dahilan naman ng pagkakasakit ninyo, eh, huwag na lang ho. Hayaan ninyo na lang ho akong maghanapbuhay para sa ating dalawa."

Hinawakan ni Tiya Mercedes ang isang kamay ng dalaga. "Inaalala lang naman kasi kita. Masyado ka nang maraming trabaho. Pumapasada ka sa napakaagang oras, nagrarasyon ka pa ng tubig at pumapasok ka pa sa *Burger Machine* diyan sa Malinta. Pagkatapos niyon ay pumapasok ka pa sa eskuwela pagdating ng gabi. Wala ka nang pahinga, Lana. Baka mapa'no ka niyan…" Mababakas ang pag-aalala sa mukha nito.

Ngumiti siya. "Tiyang, huwag ninyo na ho akong alalahanin pa. Bata pa ako at malakas pa. Kayang-kaya ko ho ang trabaho. Ginagawa ko ang lahat ng ito hanggang makakaya ko para makaahon ho

tayo sa hirap. Darating din ho iyong panahon na makakaraos din tayo. Ang importante, eh, pareho ho tayong walang sakit. Kaya, Tiyang, dito na lang kayo sa bahay. Ako na ho'ng bahala…" pakiusap niya.

"Hala, sige, hindi na iyon mauulit pa. Hindi na talaga ako tatanggap ng labada. Iniisip ko lang naman na wala akong nagagawa para makatulong sa 'yo, Anak," malungkot na turan nito.

Bumuntong-hininga siya, pagkuwa'y nginitian ang kausap. "Tiyang, ano ho'ng walang ginagawa? Mula pa n'ung bata ako, eh, kayo na ang nag-alaga at nagpaaral sa akin. Kayo ho ang gumagawa dito sa bahay. Pagdating ko may nakahanda nang pagkain. Kapag aalis ako'y nakahanda na ang pampaligo ko. Malaki ho ang naitutulong ninyo sa akin. Kaya alagaan ninyo naman ho ang sarili ninyo. Makinig ho kayo sa akin…" lambing niya.

Bumuntong-hininga rin ito at tumango. "Sige, Anak. Ubusin mo na ang kape mo at lumakad ka na. Mag-iingat ka, ha?"

"Oho, Tiyang. Tutuloy na ho ako nang makarami ng pasahero," paalam niya.

---

Papunta na siya sa bahay ni Nanay Vicky upang

kunin ang mga containers na iigiban niya. Habang papunta siya roon ay abut-abot naman ang kaba niya. Hindi niya maintindihan kung bakit kailangan niyang kabahan nang ganoon.

*Siyempre nand'un kasi si Trent at makikita mo siya!* singit ng isang bahagi ng isip niya.

Naiinis si Lana. Sino ba ang Trent na iyon para magpakaba sa kanya nang husto? At ang mas nakakainis pa, hindi lamang iyon ang pagkakataong pumasok ito sa isip niya. Kahapon, buong araw nitong pinutakti ang utak niya!

Sa trabaho, sa klase—ang nakangising mukha pa rin ng kumag ang sumasalit sa kanyang imahinasyon. Kahit nang ipikit na niya ang mga mata at agawin ng antok ang kanyang diwa, sukat ba namang mapanaginipan pa niya ang 'pamangkin' ni Nanay Vicky!

"Hay naku, Lana! Ayusin mo nga 'yang sarili mo," sita niya sa sarili na tila ba may kausap siyang ibang tao. "Ngayon ka lang nagkaganyan, ah! Huwag mong sabihing tinubuan ka ng paghanga sa taong hambog na iyon? Aba'y hahanga ka na nga lang, eh, d'un pa sa mayabang!"

Nang maipasok niya ang pedicab sa loob ng

bakuran ni Nanay Vicky ay dumoble pa yata ang kaba sa kanyang dibdib. Napansin niyang wala na roon ang magarang sasakyang ginamit ni Trent. Ibig kayang sabihin niyon ay umalis na ito?

*Inis na inis ka sa kanya, pero parang nanghihinayang ka ngayon,* asik niya sa sarili sa isip.

Hindi niya namalayang nakakunot-noo na pala siya habang nakatingin sa espasyong noong isang araw lang ay okupado ng itim na kotse.

"Akala mo ba ay umalis na ako, Lana?" narinig niyang sabi ng isang tinig